Government of **Western Australia**
Department of **Health**

Translated: January 2026

# Hepatitis C

Ang tanging paraan para malaman kung may Hepatitis C ka ay magpa-blood test.

Ang Hepatitis C ay maaaring gamutin at gumaling sa pag-inom ng gamot sa loob ng 8-12 linggo.

Kung ikaw ay nagi-inject ng droga, para maprotektahan ang sarili mula sa Hepatitis C, laging siguraduhin na gumamit ng bago at isterilisadong karayom, hiringgilya, at isterilisadong tubig. Gumamit din ng sarili mong kutsara, pamunas, pansala, at tourniquet.

Maaari ka ring magkaroon ng Hepatitis C sa pagpapa-tattoo at pagpapa-piercing. Kaya gumamit ng bagong karayom para sa body piercing o pagpapa-tattoo (tandaan mas mabuting magpa-tattoo at magpa-piercing sa mga propesyonal na tattoo at piercing studio).

Paano ka makakakuha ng hepatitis C?

Makakakuha ka ng hepatitis C kapag ang dugo ng isang taong may hepatitis C ay nakapasok sa iyong dugo.

Karamihan sa mga tao ay nakakakuha ng hepatitis C dahil sa paggamit ng ini-inject na drogra, lalo na ang pagbabahagi ng mga karayom, hiringgilya at iba pang kagamitan sa pag-inject sa isang taong may hepatitis C.

Ang isa pang dahilan kung bakit nahahawa ang hepatitis C ay sa pamamagitan ng body art (tulad ng pagpapa-tattoo o pagpapabutas ng balat) gamit ang kagamitang hindi bago (isterilisado o isahang gamit).

Maaari ka ring magkaroon ng hepatitis C kung ikaw ay may:

- ibinabahaging pang-ahit, mga sipilyo, at mga kagamitang pangseremonya
- nasangkot sa away o habang naglalaro ng isports ay may dugong nakapasok sa iyong daluyan ng dugo sa pamamagitan ng hiwa o sugat
- nakipagtalik nang hindi gumagamit ng condom (o nasira ang condom) at may dugo.

Maaari ka ring magkaroon ng mas mataas na risk na magkaroon ng hepatitis C kung ikaw ay napunta na sa bilangguan.

Ang mga sanggol ay maaaring makakuha ng hepatitis C mula sa kanilang mga ina sa panahon ng pagbubuntis at panganganak.

Paano ko malalaman kung ako ay may hepatitis C?

Ang tanging paraan upang malaman kung ikaw ay may hepatitis C ay sa pagsusuri sa dugo. Maaari kang humingi ng pagsusuri sa kahit anong klinika o doktor. Hindi mo kailangang sabihin sa iyong health worker kung bakit sa tingin mo ay maaaring mayroon kang hepatitis C. Maasahang pribado at maayos nyong paguusapan ang ano mang resulta ng pagsusuri.

Libre ang pagsusuri para sa hepatitis C kung mayroon kang Medicare card, ang kailangan mo lang bayaran ay ang appointment sa iyong health worker, at mahalagang malaman na eto ay libre sa ibang mga services

Maghanap ng serbisyo (external na site) kung saan ka maaaring magpasuri ng dugo para sa Hepatitis C.

Kung nag-aalala ka tungkol sa pagkakaroon ng "bad veins", may ilang lugar na maaari mong puntahan na maaaring magsuri para sa hepatitis C gamit lamang ang dugong nakalap sa pagtusok sa daliri. Mabilis ang resulta sa mga pagsusuri na tinutusok ang daliri. Bisitahin ang Peer Based Harm Reduction WA (external site) o Hepatitis WA (external site) para sa karagdagang kaalaman patungkol sa pagsusuri gamit ang pagtusok sa daliri para sa hepatitis C

Paano ginagamot ang hepatitis C?

May mga available at epektibong gamot upang gamutin ang hepatitis C. Sa pamamagitan ng paglunok ng isang tableta araw-araw sa loob ng 2 hanggang 3 buwan, maaari kang gumaling sa hepatitis C.

Iniisip ng ilang tao na kailangan mong ihinto ang paggamit o pag-inject ng droga para magamot ang hepatitis C, ngunit hindi iyon totoo. Maaari mo itong ipagpatuloy kung pipiliin mo ito habang sumasailalim sa paggamot.

Siguraduhing gumagamit ka ng mga bagong karayom at hiringgilya at ng sarili mong kagamitan sa pag-inject upang maiwasan mong magkaroon muli ng hepatitis C habang ikaw ay ginagamot.

Posibleng magkaroon ng hepatitis C pagkatapos mong gumaling kung ma-expose ka muli dito. Kaya mahalagang protektahan ang iyong sarili mula sa hepatitis C.

Upang makakuha ng gamot, makipag-usap sa iyong health worker o maghanap ng serbisyo (external na site) na makakatulong sa iyo.

Paano mo mapoprotektahan ang iyong sarili mula sa hepatitis C?

Mapoprotektahan mo rin ang iyong sarili at ang iba mula sa hepatitis C kung ikaw ay:

- gagamit lamang ng sarili mong sipilyo, dental floss at pang-ahit
- huwag hayaang mapunta sa iyong dugo ang dugo ng ibang tao – takpan ang lahat ng hiwa at sugat
- gumamit ng condom, dam, at water-based lubricant tuwing makikipagtalik.

Walang **bakuna** para sa hepatitis C.

**Para sa mga taong nag-i-inject ng droga**

Kung ang isang tao ay gumagamit ng kagamitan sa pag-iiniksyon na ginamit ng isang taong may hepatitis C, mataas ang posibilidad na magkaroon sila ng hepatitis C. Ito ay dahil ang mga karayom, hiringgilya, o iba pang kagamitan sa pag-iiniksyon ay maaaring may dugo, kahit na hindi mo ito nakikita. Ang dugong iyon ay maaaring magdala ng hepatitis C.

Upang maiwasan ang pagkakaroon ng hepatitis C, gumamit ng freshie tuwing mag-iiniksyon ka ng droga.

Huwag kailanman magbahagi ng mga karayom at hiringgilya, kahit na sa mga kaibigan o pamilya. Gumamit din ng sarili mong kutsara, mga pamunas, mga pansala, isterilisadong tubig, at mga tourniquet.

Makakakuha ka ng mga bagong karayom mula sa mga programa ng karayom at hiringgilya o needle and syringe programs (NSP). Gamitin ang mapang ito (panlabas na site) upang mahanap ang pinakamalapit na NSP sa iyo. Karamihan sa mga botika ay nagbebenta ng mga karayom at hiringgilya na naka-pack, ngunit maraming iba pang mga lugar kung saan ka makakakuha ng mga bagong karayom at hiringgilya nang libre.

Ang mga taong nag-iiniksyon ng droga ay nasa panganib ding magkaroon ng hepatitis B o HIV kung sila ay nagbabahagi ng kagamitan sa pag-iiniksyon.

**Mga tattoo at pagpapabutas ng balat**

Ang pagpapa-tattoo o pagpapabutas ng balat gamit ang karayom o iba pang kagamitan na ginamit ng ibang tao ay maaaring magdulot sa iyo ng hepatitis C. Protektahan ang iyong sarili mula sa pagkakaroon ng hepatitis C sa pamamagitan ng pagtiyak na ang taong nagpapa-tattoo o nagpapabutas ay gumagamit lamang ng mga bagong (sterile) na karayom, at mga pang-ahit at tinta na pang-isahang gamit sa bawat pagkakataon.

Pinakamainam na magpa-tattoo at magpabutas sa mga propesyonal sa mga tattoo at piercing studio. Kung ikaw ay magpapa-tattoo o magpapabutas sa iyong mga kaibigan o pamilya sa isang lugar na hindi studio, maaaring walang sapat na bagong kagamitan ang mga tao na hindi pa nagagamit sa ibang tao. Maaari itong humantong sa pagkakaroon ng hepatitis C kahit na ito ay sa mga kaibigan o pamilya.

Mahalagang maingat na itapon ang mga karayom at hiringgilya. Alamin ang higit pa tungkol sa ligtas na pagtatapon ng mga karayom at hiringgilya.

**Isinalin na impormasyon tungkol sa hepatitis C**

- Bisitahin ang all good (external site).

**Saan makakahingi ng tulong**

- Kumonsulta sa iyong doktor o health clinic.

- Tawagan ang helpline ng Hepatitis WA (external site) (9328 8538 para sa mga tumatawag sa metropolitan area o 1800 800 070 para sa mga tumatawag sa country area).
- Tawagan ang Peer Based Harm Reduction WA (external site) (08) 9325 8387.
- Tawagan ang Sexual Health Helpline (external site) (9227 6178 para sa mga tumatawag sa metropolitan area o 1800 198 205 para sa mga tumatawag sa country area).
- Tawagan ang healthdirect (external site) sa 1800 022 222.
- Kontakin ang iyong lokal na population health unit (external site), community nurse o health worker.
- I-download ang ACE (Access, Care and Empowerment) mobile app para sa mga taong gumagamit ng droga upang makatulong na mabawasan ang pinsala sa kanilang sarili at sa iba.

**This document can be made available in alternative formats on request for a person with disability.**

© Department of Health 2025

Copyright to this material is vested in the State of Western Australia unless otherwise indicated. Apart from any fair dealing for the purposes of private study, research, criticism or review, as permitted under the provisions of the Copyright Act 1968, no part may be reproduced or re-used for any purposes whatsoever without written permission of the State of Western Australia.

health.wa.gov.au

Classification: Official